


# Pasasalamat at Pagbabalita

ni Obispo Reynaldo Domingo — JAN 2020

**Mahal na tagapagtaguyod ng Missionary Training School (MTS):**

Masaganang bagong taon sa inyong lahat at mapagpalang araw. Ako po ay nagpapasalamat sa lahat ng tumulong at patuloy na tumutulong sa gugulin ng Missionary Training School.

Nais ko pong ibalita na hanggang sa kasalukuyan ay sapat ang salaping inyong ipinagkaloob upang tustusan ang pangangailangan ng paaralan. Salamat po sa inyong pagtugon sa bunsod ng Banal na Espiritu na magkaloob para sa pangangailangan ng paaralan. Ang pag-aaral po ay magtatapos sa buwan ng Mayo 2020, at sa buwan ng Hulyo 2020 ay tatanggap ng panibagong mag-aaral.

Noon pong 2017-2019 ay nagdaos ako ng mga seminars para sa mga pastor, deaconesa at mga leaders ng IRM sa mga probinsya ng Cagayan, Isabela, Laguna, Polillo Island, Quezon, Camarines Sur, Camarines Norte, Albay at Samar. Sa pakikipag-usap ay nalaman ko ang lubhang malaking kakulangan ng mga manggagawa. Nalaman kong maraming mga pastor at deaconesa na dalawa, tatlo at ang iba ay apat na mga iglesia ang hinahawakan.

Pamuling inilagay sa akin ng Diyos ang pasanin na muling magsanay ng mga manggagawa, tulad ng pagsasanay na aking isinagawa noong 1986 hanggang 1989. Lagi lagi kong naaalala ang sinabi ng Panginoon: **"Marami ang aanihin, kakaunti ang mang-aani."**

Pagkatapos ng maraming buwan, ang pasanin ay naintindihan kong isa nang utos. Inuutusan ako ng Diyos na magsimulang muli ng Missionary Training School. Ako ay sumang-ayon matapos kong matiyak na ito ang direksyon sa akin ng Panginoon.

Matapos sumang-ayon ang Council of Elders ng IRM na ako ay magsisimula ng Missionary Training School ay ibinalita ko ang pagbubukas ng paaralan noong Agosto 2019. Ang gugulin sa paaralan ay lubhang nagbigay sa akin ng matinding bagabag. Dinala ko ito sa Panginoon sa panalangin.

Sa awa ng Diyos, apat na beses Niya ako binigyan ng assurances o pag-asa na Siya mismo ang magkakaloob ng kailangang halaga na gugugulin para sa paaaralan.

Ang una sa apat na assurances ng Diyos sa akin ay nangyari sa Regional Youth Camp sa Sipocot, Camarines Sur noong Abril 2019. Isang gabi ay biglang dumating sa aking kamalayan ang isang konkretong kaaalaman o "word of wisdom" -

- Ang tatlong taong gugulin ng Panginoong Jesus sa pagsasanay ng Kaniyang mga alagad ay galing sa kaloob ng mga nagmamalasakit sa Kaniyang ministeryo. Ito ang dahilan kung bakit sila ay mayroong ingat-yaman.
- Sa pagdating ng panahong walang laman ang kanilang treasury o kaha ay gumawa ang Panginoong Jesus ng himala. Si Pedro ay inutusan ng Panginoon na mamingwit at sa bibig ng unang isda na mahuli ay may salapi na ibabayad sa kanilang buwis sa pamahalaan.

Noon ay nagsimulang mabawasan ang aking pag-aalala.

Noong buwan ng Hunyo 2019 ay nasa Singapore kaming mag-asawa. Ang mahigit na 15 araw ay ginugol ko sa Bishan Harmony Park upang magbasa ng Banal na Kasulatan, magbulay-bulay, at manalangin. Doon ibinigay ng Diyos sa akin ang tatlong karagdagang assurances.

Una, isang araw ay binabasa ko ang 2 Cronica chapter 20, ang kasaysayan ng Haring Josafat ng bansang Judah. Naibalita sa hari na nagsanib ang mga kawal ng tatlong magkaka-alyadong bansa laban sa kanila.

Dahilan sa matinding pagkabahala, ang Haring Josafat ay nag-utos na ang buong bansa ay mag-ayuno at alamin ang kalooban ng Diyos.

- Isinumbong niya sa Diyos na ang tatlong bansang ito ay siya ring mga bansa na ibinilin ng Diyos na huwag nilang lupigin noong sila ay pumasok sa Lupang Pangako.
- Ipinahayag niya sa Diyos na ang kaniyang sandatahang lakas ay walang kakayahang ipagtanggol ang kanilang bansa.
- Ipinahayag niya sa Diyos na noong italaga ang templo ay naging tipanan nila na kung may kalamidad na mangyayari ay dadaing sila sa Diyos at ang Diyos ang nangako na sila ay kaniyang ililigtas.
- Pagkatapos ay sinabi ng Haring Josafat sa Diyos: **"Ngunit ang aming mga mata ay nakatingin sa Iyo."**
- Ang Espiritu ng Diyos ay dumating kay Jahaziel at nagsabi sa hari na huwag matakot sapagkat ang Diyos ang makikipagdigma para sa kanila.
- Kinabukasan ay sinalubong ng Haring Josafat ang lumulusob na mga kawal.

- Ang iniuna niya sa hanay ay hindi ang bihasang mga kawal – kundi ang piniling mga mang-aawit.

Naisip ko, ang ginawa ng hari ay against human common sense. Sa common sense ng tao, ang dapat isalubong sa lumulusob na mga kalaban ay ang mga bihasang mga kawal at hindi mga mang-aawit.

Dalawang pag-aangkop o applications ang sa akin ay ipinaunawa ng Diyos sa kasaysayang ito kaugnay ng aking intindihing salapi na gugugulin sa paaralan.

- Ang Missionary Training School ay sa Diyos – maliwanag sa akin na Siya ang nag-utos na gawin ko ito.

- At kung paanong labag sa common sense ng tao na mang-aawit sa halip na bihasang mga kawal ang ilagay sa unang hanay – ay labag din sa common sense ng tao na magsimula ng Missionary Training School na walang nakalaang pondo.

Ang sumunod na assurance ng Diyos sa akin na ibinigay sa Bishan Harmony Park sa Singapore ay ito: sunod-sunod na ipina-recall sa akin ng Diyos – ang marami sa mga sermon na aking dinala na may kinalaman sa:

- Utos na ipangaral ang Ebanghelio ng Pagliligtas (The Great Commission)

- Ang pahayag ng Diyos na ayaw niyang may mapahamak at sa halip ang lahat ay magsipagsisi

- Ang utos ng Diyos na agawin sa apoy ng impierno ang mga makasalanan

- At pagkatapos ay ipinaalaala sa akin ang 1 John 5:14: **"If we ask according to His will, He hears us."** Ito ang kaniyang pangako na kung ayon sa kaniyang kalooban ang ating hihingin ay tiyak na ito ay ibibigay sa atin.

Sinabi ko sa Panginoon sa panalangin: "Panginoon, naniniwala ako na kalooban mo na magsimula ng Missionary Training School – at ako ay iyong inuutusan na pamuling simulan ito. Naniniwala akong Ikaw ang magbibigay ng kailangang salapi na gugulin para dito." Nagkaroon ako noon ng malaking kapanatagan.

Ang ikatlong assurance sa akin ng Diyos na naganap sa Bishan Harmony Park ng Singapore – at ikaapat naman sa mga assurances sa akin ng Diyos – ay ito: noong mga huling araw ay paminsan-minsan pa rin na sumasagi sa aking kalooban ang pag-aaalinlangan. Isang araw, samantalang ako ay nasa park ay nasabi ko sa Panginoon ang tungkol kay Gideon na humingi sa Diyos ng dagdag na patotoo o sign.

Isang araw ay nakarinig ako ng tinig na ganito ang sabi: "Huwag mong abalahin ang iyong sarili sa hindi mo sakop, ang intindihin mo ay ang iyong sakop."

- Hindi ko matandaan kung malakas o mahina ang tinig.
- Ang tinig ay hindi mahinahon ngunit hindi naman pagalit. Subalit ito ay puno ng autoridad.
- Ang tinig ay hindi galing sa tao sapagkat nag-iisa lamang ako sa park – walang tao sa paligid ko.
- Alam kong hindi rin tinig ng demonyo o ni Satanas sa dahilang may kaunti akong kasanayan sa tinig ng kaaway.
- Maliwanag sa akin na tinig ito ng Panginoong Jesus.

Mula noon, lubos na akong napanatag at ang aking paghahanda para sa paaralan ay wala nang bahagi ang pag-iintindi tungkol sa guguling salapi.

Ilang araw bago dumating ang pagsisimula ng paaaralan ay dumating sa aming tahanan sa IRMVille sa Bulacan ang isang kapatid kasama ng kaniyang buong pamilya. Hindi ko masabi ang pangalan sapagkat ibinilin nila na ito ay aking ilihim. Ang mag-asawa ay nagbigay para sa school ng isang daang libong piso (P100,000.00). Sila ang unang konpirmasyon ng Diyos ng pagtupad ng Kaniyang ipinangako.

Nagsunod-sunod mula noon ang pagkakaloob ng ating mga kapatid dito sa Pilipinas at sa ibang bansa ng pera, bigas, karne, gulay, groceries, mga lutong pagkain at mga gamit ng mga mag-aaral.

Sa ngayon, ang paaralan ay nakagugol na ng mahigit apat na raang libong piso (P400,000) at mayroong sapat na natipon para sa darating na mga buwan.

Alam ko po na ang Diyos ang nagbunsod sa inyo sa pagkakaloob para sa gawaing ipinagagawa ng Diyos sa atin.

**Purihin ang Diyos sa Kaniyang katapatan at maraming salamat sa inyong lahat.**

Bishop Reynaldo Domingo

Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa kanyang pangako gaya ng inaakala ng ilan. Sa halip, nagbibigay siya ng pagkakataon sa lahat sapagkat hindi niya nais na may mapahamak, kundi ang lahat ay makapagsisi at tumalikod sa kasalanan. 2 Pedro 3:9